PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
News and Information Bureau

PRESS BRIEFING OF PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE
July 12, 2021 (11:52 A.M. – 1:57 P.M.)

SEC. ROQUE: [COVERAGE CUT] …Labor Offices (POLO) na i-verify ang vaccination status ng asawa at mga anak at mga magulang ng mga Overseas Filipino Workers na kasama nilang bibiyahe.

Pagdating naman po sa ating COVID-19 response, pinuri po ng World Health Organization Representative to the Philippines, Dr. Rabrinda Abeyasinghe, ang ating naging tugon sa coronavirus kahit na limitado ang ating resources.

Dagdag pa ni Dr. Abeyasinghe, kahit na limitado ang kapasidad, ang bilang ng namatay sa COVID-19 sa Pilipinas ay mas mababa kumpara sa mga bansang mas mataas na kapasidad at resources. Isang middle-income country ang Pilipinas kaya huwag namang mag-expect ng first-world type of response. The Philippines has done a good job, wika po ng WHO Representative sa Pilipinas. So iyong mga pumupula po sa gobyerno, iyan po ay galing mismo sa WHO.

Sa ibang mga usapin: Nagsimula na po ng training ang Israeli Olympic team sa New Clark City bubble bago pumunta sa Tokyo. Sabi ng coach na si David Marsh, and I quote, *"I travelled around the world and seen thousands of aquatic complexes, New Clark City's facility is among the best in the entire world!"*

COVID-19 updates naman po tayo: Mayroon tayong 5,916 na mga bagong kaso ayon sa July 11, 2021 datos ng DOH. Samantala, nasa 94.9% ang ating recovery rate kaya naman nagpapasalamat tayo sa ating mga dedicated medical frontliners. Nasa 1,397,403 na po ang bilang ng mga naka-recover. Samantalang malungkot naming binabalita na nasa 25,921 na po ang mga binawian ng buhay dahil sa COVID-19. Nakikiramay po kami sa mga naulila. Nasa 1.76 po ang ating fatality rate.

Ito naman po ang kalagayan sa ating mga ospital sa buong Pilipinas:

- 56% pa lang po ang utilized na ating ICU beds
- 45% ang utilized na mga isolation beds
- 43% utilized na ward beds
- At 37% utilized ang ating ventilators

Dito po sa NCR:

- 40% lamang po ang utilized na ating ICU beds
- 37% ang utilized isolation beds
- 33% utilized ang ating wards beds
- At 32% utilized ang ating ventilator

At dito po nagtatapos ang ating presentasyon. Simulan po natin kay San Juan Mayor Francis Zamora. Mayor Zamora, dito po sa San Juan ang Battle of Pinaglabanan Shrine na kung saan kinu-commemorate natin iyong kauna-unahang pag-aklas at tagumpay ng mga Pilipinong mga katipunero na pinamunuan ni Bonifacio at ni Jacinto 'no laban sa mga Espanyol. At kanina po ay tayo po ay nag-commemorate din ng kauna-unahang tagumpay natin laban sa COVID-19 dahil nag-100% na po tayo ng first dose sa Siyudad ng San Juan. Paano po nagawa ito ng San Juan;

at kailan po natin mababakunahan fully ang mga mamamayan ng San Juan? The floor is yours, Mayor Francis Zamora.

SAN JUAN CITY MAYOR ZAMORA: Maraming salamat po, Secretary Roque. Sa lahat po ng mga nanunood ngayon, magandang araw po.

Una sa lahat, nagsimula ho noong January 4, kami po ay naglunsad ng aming online registration. At bagama't noong panahong iyon ay wala pa tayong hawak na bakuna, ito ay ginawa naming paghahanda sa eventual na pagdating nga ho nito.

So from January 4 until about March 6 when we had our first day of vaccination, we were registering our constituents. So wala ho tayong ginagawang walk-ins ho kasi 'no. Ibig sabihin, ang ginagawa ho natin, lahat po nang nagpalista sa ating online registration ay kina-categorize natin sino ang A1, sino ang A2, A3, A4 and A5. So as of today, we have over 100,000 registrants already. Pero siyempre iyong mga hindi pa qualified, hindi pa ho sila nati-text.

So noong nagsimula po, Secretary, noong March 6, in fact it was in Cardinal Santos, that was the vaccination day of San Juan at sumunod nga ho doon iyong medical frontliners na ng LGU. And as we opened the other categories, from A2, A3, A4, A5, ang ginawa ho namin, lahat po nang nagpapalista base sa database namin, tini-text lang ho namin sila nang tini-text. People need confirmatory text before they go to the venue; hindi po puwedeng walk-in gaya ng sinabi ko. At mayroon po kaming dalawang venues – iyong una po ay ang Filoil Flying V Center, iyan po iyong tinatawag na San Juan Arena which started with just 600 to 800 vaccinees a day noong kaunti pa lang ang supply. Ngunit noong bumuhos na ho iyong supply noong buwan ng Abril, Mayo, Hunyo hanggang ngayon, Filoil is now doing 3,000 vaccinees a day.

Pagkatapos ho noon, about one month ago, binuksan naman ho natin iyong second site natin, ito ho iyong Greenhills Theater Mall Cinemas. So may dalawang sinehan po tayong ginagamit po diyan sa tulong ng Promenade, ng Theater Mall at ng Greenhills Shopping Center kung saan 800 to 1,000 a day naman po ang nababakunahan diyan. At iyan po ay dedicated para sa mga A4 who are not San Juan residents but are working here in San Juan. Kasi po karamihan sa mga A4 natin ay nandito sa Greenhills Shopping Center. So the merchants that we are seeing now here in the Greenhills Mall, iyong mga tiyanggero natin, hindi naman po sila lahat taga-San Juan. They maybe from other cities and other provinces, a lot of them are our Muslim brothers and sisters but they work here. So bina-vaccinate din po namin sila.

And today, we will formally launch our third site which is also here, at the Greenhills Shopping Center, specifically sa V-Mall. Binigyan ho tayo ng location ng Ortigas and company upang maging third vaccination site natin which will now allow us to vaccinate up to 5,000 a day. So nagpapasalamat nga ho kami sapagka't iyong dalawang sites na binanggit ko, iyong Greenhills Theater Mall at ang V-Mall, ay libre hong pinapagamit sa atin ng ating mga private business establishments na naging partners po natin, of course, ang Ortigas Land and Promenade Theater Mall, iyong Music Museum group. Iyong Filoil naman po, iyan po ay property ng LGU but managed na by the Filoil Flying V Center. So ito is being managed by a private company, and they're also allowing us to use it. So ito iyong tulong ng private sector sa amin, iyong mga venues po na aming ginagamit ay libre hong binibigay po sa amin.

So base ho sa datos na nakuha nga natin ngayon, tayo po ay lumagpas na ng 100%, and we are planning to just continue vaccinating every single day hangga't bawat isang San Juaneño po ay ating mabakunahan basta pasok sila sa edad at saka sa kanilang kalusugan.

SEC. ROQUE: Kailan ang target ninyo, Mayor, para magkaroon tayo ng 100% fully vaccinated population dito sa San Juan?

SAN JUAN CITY MAYOR ZAMORA: Mr. Secretary, as of yesterday, ang na-second dose na po natin ay 29,313 so that is just about 66,000 people away. And because most of them were vaccinated with Sinovac, you only count 28 days after; and iyong mga nabakunahan naman po with the Pfizer, you only count 21 days after. So given those numbers, even if you add one month from today ay papasok po tayo sa katapusan ng Agosto.

Mayroon hong iba kasi AstraZeneca po ang naibakuna sa kanila which has a longer gap in between doses. But we are projecting, sir, that by the end of August, we should be done with our full doses for our 70% target population.

SEC. ROQUE: So there you have it po, history repeats itself, dito sa San Juan ang Battle ng Pinaglabanan, kauna-unahang matagumpay na pag-aklas sa mga dayuhan, dito rin po nagaganap ang kauna-unahang matagumpay, na tagumpay natin 'no, laban sa COVID-19 sa pamamagitan ng pagbabakuna.

Si Secretary Lopez 'no, napansin ko po kanina na nag-post ng 100% vaccinated si Mayor doon sa ilang mga stores dito sa tianggeng ito 'no. So ano po ang nakikita ninyong epekto ng pagbabakuna ng 100% doon sa mga tianggero't tianggera kung magagawa ito sa buong Pilipinas?

DTI SEC. LOPEZ: Thank you, Spox. At saka siyempre thank you rin kay Mayor Francis. Actually, itong effort na iyan na pinapakita talaga na ang mga workers o trabahador dito sa tindahan ko na ito ay 100% vaccinated ay malaking show of confidence, pagbigay din ng consumer confidence, sa mga mamimili.

Imadyinin [imagine] natin iyong mga kababayan natin, hindi sila matatakot lumabas ng kanilang bahay at pumunta sa mga establishment na ito kung alam nila iyong mga workers ay 100% vaccinated. Kaya po isang magandang programa po ito, kasabay ng ating pagkabit ng safety seal na ginawa rin ni Mayor Francis mga two weeks ago with the DTI and other agencies – DILG, DOT – na pagbigay kaalaman sa publiko na aside from the safety seal na nagdadagdag ng 10% operating capacity doon sa tindahan na iyon, ito pang pagpapakita na fully vaccinated iyong workers sa loob ng tindahan na iyon ay nakakapanatag-loob sa ating mga kababayan.

And of course, ito po ay malaking tulong sa inaasam natin na economic recovery na nakakakita na tayo ng mga senyales ngayon. But of course, we have to do it at the city/municipality level and we thank San Juan for all these initiatives.

Salamat po.

SEC. ROQUE: Maraming salamat, Secretary Lopez.

Puntahan naman natin ang NTF Deputy Chief Implementer Secretary Vince. Secretary Vince, where is Metro Manila in the battle against coronavirus? Marami na ba hong mga iba pang siyudad sa Metro Manila na susunod po dito sa San Juan na matatapos nang 100% ang kanilang first vaccine?

SEC. DIZON: Maraming-maraming salamat, Spox Harry at muli, congratulations kay mayor Francis Zamora at sa buong liderato ng City of San Juan.

Spox, mabuting balita muna. As of yesterday, 13.2 million doses na po ang ating na-administer at kampante tayo na sa loob ng linggong ito ay aabot na tayo ng mahigit 14 million. Ang ibig sabihin po noon, Spox, ay sa unang dalawang linggo po ng July ay aabot po nang mahigit apat na milyon ang tota doses na nabakunahan natin sa buong Pilipinas.

Ito po ang pinakamarami at pinakamabilis na dalawang linggo na pagbakuna natin simula noong tayo ay nag-launch ng program natin noong March 1. Kaya maraming salamat po sa lahat ng ating mga LGUs, sa ating Department of Health, kay Secretary Galvez, at sa ating mahal na Pangulo dahil tuluy-tuloy po kahit na medyo na-delay ang pagdating ng supply natin, Spox, nitong nakaraang dalawang linggo eh talagang minaximize (maximized) ng ating mga LGUs ang mga bakunang available at dahil doon ay halos ano na tayo, magfo-fourteen million na tayo ngayong linggong ito.

Sa Metro Manila po, tuluy-tuloy po ang pagbabakuna pero ang kagandahan po na in-announce ninyo na po kanina, Spox, eh dahil sa direksyon ng ating mahal na Pangulo at ni Secretary Galvez, dahil dumadami na ang bakuna nating darating sa mga susunod na linggo, marami na po ang makakatanggap ng mga bakuna sa buong Pilipinas. Napakaganda po at very equitable ang distribution na inanunsyo ng ating mahal na Spokesperson kanina, ayon na rin sa direksyon ng ating mahal na Pangulo.

Kaya po tuluy-tuloy lang, Spox Harry. Parating na po ang bakuna at makakaasa po ang mga kababayan natin na puspusan nating bibilisan para marami sa ating mga kababayan ay makatanggap na ng bakuna sa mga susunod na linggo at susunod na buwan.

SEC. ROQUE: Maraming salamat, Secretary Vince.

Puntahan na natin ang ating mga kasama sa Malacañang Press Corps para sa ating open forum. Go ahead, USec. Rocky, please.

USEC. IGNACIO: Yes. Good afternoon Secretary Roque at si Secretary Lopez, Secretary Vince at sa lahat po ng ating mga bisita.

Tanong po mula kay Sam Medenilla ng Business Mirror, itatanong lang po niya sana kung—breakdown daw po ng total na nagastos ng government for each brand of COVID-19 vaccine purchased by the government.

SEC. ROQUE: Okay. Ito po ang kasagutan ng ating DOF 'no, ang gobyerno po natin ay may mga iba't ibang kontrata sa iba't ibang mga vaccine manufacturers. Ang total na na-procure po natin so far ay—procure, ibig sabihin binili – ay 89 million doses at ang halaga nito ay mahigit-kumulang isang bilyong dolyares. So far, government has paid 400 million US dollars from GAA doon sa ating budget at saka sa mga multilateral financial institutions 'no. Tapos siyempre po iyong donasyon ng COVAX ay nagku-coordinate pa po ang ating Department of Finance with the DOH for the latest figures.

USEC. IGNACIO: Opo. Second question niya, Secretary: Ilan daw po kaya dito sa expense na ito iyong nabayad sa manufacturer at ilan po iyong pending pa rin, either after delivery or pending approval from concerned agency?

SEC. ROQUE: Iyon nga po 'no, ang na-deliver na—ang na-procure na natin is more or less a billion dollars. Ang binayaran na po natin from both the budget and multilateral financial institutions are 400 million dollars.

USEC. IGNACIO: Opo. Third question niya: May update din po kaya from data-related sa vaccine cards ang na-upload na ng mga LGUs para sa Integrated Online Database ng DICT?

SEC. ROQUE: Opo. Binigyan po tayo ng numero ng DICT – nasa 42% na po ang na-upload ng DICT sa kanilang database.

USEC. IGNACIO: Thank you, Secretary.

SEC. ROQUE: Okay. Puntahan naman natin si Pia Rañada, please, by Zoom.

PIA RAÑADA/RAPPLER: Sir, can we just get your thoughts or Malacañang's input on what the President thinks of the expulsion of Secretary Alfonso Cusi from PDP Laban by the faction led by Senator Manny Pacquiao? Does he recognize this move as party chairman?

SEC. ROQUE: All I can say is what the President has said on the matter – "*We will resolve all existing disputes within PDP Laban legally."* So abangan na lang po ang susunod na kabanata diyan.

PIA RAÑADA/RAPPLER: So ibig po bang sabihin niyan, na he is siding with a certain faction in PDP and he will support them in their legal fight against the other faction?

SEC. ROQUE: Let's put it this way – iyong meeting ng PDP Laban sa Clark, July 17 called by Secretary Cusi, it's in the calendar of the President.

PIA RAÑADA/RAPPLER: What does he think of the Pacquiao faction and its recent moves lalo na iyong mga resolutions niya voiding the—what happened to the last meeting? Does he agree with that? How does he plan to resolve that?

SEC. ROQUE: All I can say is he recognizes the leadership of Secretary Cusi and that is why he will attend the party special meeting on July 17.

PIA RAÑADA/RAPPLER: Okay. And then, sir, kasi today is the anniversary of The Hague ruling and a group of fishermen numbering over a hundred, Bigkis ng Mangingisda group are saying that despite the 5 years under the administration, Chinese boats are still blocking their access in various parts of the West Philippine Sea and the Spratlys. Can you respond to this? Why is this still happening despite the President's promise that he will fight for the rights of Filipinos in the West Philippine Sea.

SEC. ROQUE: I dispute that. Ako lang naman ang tumayong abogado ng mga mangingisda galing sa Masinloc, galing sa iba't ibang bahagi po ng Pangasinan. At alam ko po, I have personal knowledge na halos lahat po sila ay nakabalik na sa kanilang hanapbuhay lalung-lalo na diyan po sa Borough 'no. So I dispute that.

PIA RAÑADA/RAPPLER: So, you're saying that they are lying? These fishermen?

SEC. ROQUE: Well I'm saying whoever said it must not be reporting the truth and everything but the truth 'no. Because I have continuously communicate with my former clients, I communicate with the local government units particularly of Masinloc and—ano ba iyong town sa Pangasinan, the coastal town of Pangasinan, I just recently met with the Mayor two weeks ago precisely to inquire on the welfare of the fishermen pursuing their livelihood in Borough and there are no reports that they are not able to pursue their livelihoods.

PIA RAÑADA/RAPPLER: Will Malacañang at least look into the reports of this group?

SEC. ROQUE: Of course. I will again ask the local officials in the relevant communities to verify if the fishermen are excluded from pursuing their livelihoods in Borough because I regularly do so and all the reports that I have received indicate that they are continuing their livelihoods in Borough.

PIA RAÑADA/RAPPLER: Okay. And then last question for me, sir. Is the IATF studying whether or not to give MRNA booster shots to medical workers administered with Sinovac after experts advising the Thai government and the Indonesian government are recommending nga that—for the Indonesian and Thai medical workers who got Sinovac, they must be given booster shots because of the reports nga that Sinovac-administered medical workers are still getting infected with COVID-19?

SEC. ROQUE: No such initiative so far. What I do know is a post of Dr. Edsel Salvaña and you know, he actually condemned the headline that hundreds of Thai medical workers infected despite Sinovac vaccinations because the report actually said only 618 out of 677,348 who received two doses of Sinovac were afflicted with the disease.

So ang sabi nga ni Dr. Salvaña to the newspaper outfit, "*Do a better job of objective reporting. You guys are killing vaccine confidence. This will cause lives. What's the vaccine effectiveness for those numbers? What's the infectious rate and death rate among unvaccinated, you guys can do better than that. We expect better. The vaccines are working very well.*"

PIA RAÑADA/RAPPLER: All right. Thank you, Sec.

SEC. ROQUE: Thank you very much, Pia. Kay Brian, our host Brian…

MODERATOR: Good afternoon, sir. Members of the media here in Greenhills have questions, vaccine-related questions. We request that they limit it to 2 to 3 questions. We begin with Mr. Jayson Rubrico, reporter of SMNI.

JAYSON RUBRICO/SMNI: Hello. Good afternoon Sec. Harry, Sec. Ramon, Sec. Vince and Mayor Francis. Mayor, first question po, congratulations for this achievement. What do you think, sir, iyong pinaka-best practices ng LGU kung bakit mabilis iyong bakunahan natin dito sa San Juan City na puwedeng gayahin ng ibang local government units?

SAN JUAN MAYOR ZAMORA: Sa tingin ko importante talaga mayroon kang isang very efficient system 'no. It's not about quantities, it's not about just funding or it's not just about vaccine supply – it's setting up an efficient system na you can replicate in several venues. Kumbaga may maayos ka na template na isi-setup na you just—it's basically a turnkey method 'di ba. Kahit ilipat po sa Greenhills, sa sinehan, iyon din 'yung sistemang iyon eh. And I believe it has worked well for us.

Next, wala nga ho kaming walk-ins. I have nothing against LGUs who do walk-ins ano, kaniya-kaniyang diskarte kami bilang mayor. Pero para sa akin kasi kung magwu-walk-in ka, hindi mo maku-control, number one, iyong bilang ng taong darating. Number two, are they qualified 'no, posibleng hindi pa nila prioritization ngunit pumipila na sila. And this can cause problems lalung-lalo na sa overcrowding, iyong magpipilit mabakunahan for the day 'no. So we never implemented walk-ins here, we focused on our online registration.

And even up to this day, mayroon pa ring mga nagri-register online, dumadami pa siya. Kumbaga… I believe kasi it's the word-of-mouth na ang most powerful marketing tool is the word of mouth. Since we have 96,610 San Juaneños vaccinated already, each and every one of them becomes your marketing tool. Pag-uwi niyan sa kanilang tahanan sasabihin sa kanilang pamilya, "*O nanay, tatay nabakunahan ako. Hindi naman pala totoo na magkakasakit o hihimatayin,*" and all of this fake news. So malaking bagay kasi na mayroon tayong actual testimonials from people who have been vaccinated.

And ako, I personally am acting also as a vaccine ambassador. Noong simula pa lang 'no nagsulat na nga ako kay Secretary Duque noon, noong hindi pa pinapayagan iyong mga mayors 'no. I wrote him personally to request that mayors be allowed to get vaccinated, noong simula pa lang ng vaccine program natin. Because as mayors, we need to be able to encourage our constituents eh. Sino ako para manghikayat na magpabakuna kayo kung ako mismo hindi pa nababakunahan. And I have gone the full cycle – na-COVID na ako, na-quarantine ako, nabakunahan ako ng first dose. So may credibility ako kapag magsalita ako. Paano ko hihikayatin ang isang tao na magpabakuna kung ako mismo, hindi nabakunahan.

SEC. ROQUE: Thank you, Mayor.

BRYAN: Sir, second question po for Sec. Vince. Kanina po, Mayor Francis suggested na puwedeng mabakunahan iyong taga- ibang lungsod dito sa San Juan. Are we considering that suggestion po upang matulungan rin iyong ibang LGUs na makamit iyong herd immunity?

SEC. DIZON: Actually po, napakagandang tanong. Unang-una, kami ay nakikiusap kay Mayor Francis at sa lahat ng mga mayor na kapag natapos po ang target ay huwag titigil magbakuna. Kasi kailangan po, tulung-tulong tayo para mabakunahan hindi lang iyong buong NCR kung hindi pati iyong mga kapitbahay na probinsiya natin tulad ng Bulacan, ng Cavite, Laguna, Rizal, pati Pampanga.

Kasi iyong sistema dito ni Mayor Francis, napakaganda at napakabilis. Kaya talagang mabilis magbakuna si Mayor Francis dahil sa sinet-up nilang sistema na mabilis everyday ang pagbabakuna nila. Kaya ang pakiusap ko, sana pagbigyan tayo ng ating mga mayors, tulad ni Mayor Francis, na kapag naabot na iyong target, tuluy-tuloy pa rin. Kasi napakadaling pumunta ng taga-Bulacan, taga-Rizal, taga-Cavite, taga-Laguna dito sa mga siyudad natin sa NCR. So sana po mapagbigyan tayo ni Mayor Francis kasi napakalaking tulong iyong sistema na nandiyan na na magagamit natin para tulungan iyong iba nating mga LGU at iba nating mga probinsiya. Siguro si Mayor Francis.

MAYOR ZAMORA: Yes, Secretary Vince, we will be more than willing to help other cities. Tatapusin lang po namin iyong natitira naming population pa na hindi pa nababakunahan, and given the numbers, ilang libo na lang po ito. Of course, we also have our workforce na kasama po sa ating daytime population at marami-rami pa rin po ang hindi pa rin po nababakunahan.

So my commitment, sirs, once we have vaccinated our entire target population and eventually our entire qualified population, we can help other cities for as long, sirs, you have to provide us with the vaccines to vaccinate to them. And also, I'm sure that the Greenhills Shopping Center Management will welcome that because it will also allow for higher foot traffic in terms of our potential costumers here in the shopping centers. So, win-win situation iyon sapagka't tataas naman muli iyong business tax na makokolekta namin, sapagka't tataas din naman iyong gross sales po nila. Naramdaman po kasi namin iyan noong 2020, noong nagsara ang mga negosyo, almost 300 million po ang binaba ng budget namin because of the closure of the businesses. So, we welcome that.

SEC. ROQUE: Okay. Balik tayo kay Usec. Rocky, please.

USEC. IGNACIO: Thank you, Secretary Roque. Mula kay MJ Blancaflor ng Daily Tribune: After five years sa West Philippine Sea, after doon sa permanent court ng Arbitration rule, ang tanong po niya, what have we done so far to preserve our territorial claims? How does the Duterte administration want to be remembered on the West Philippine Sea?

SEC. ROQUE: Lilinawin ko lang po, bagama't dapat talagang ipagdiwang iyang panalo nating iyan, tuloy pa rin po ang pinag-aagawang teritoryo dahil ang naapektuhan lang po ng desisyon ay iyong isyu na related sa karagatan. At ang pinakaimportanteng desisyon diyan, walang legal na basehan ang nine-dash lines ng China. Iyong tatlong mga artificial islands na ginagawang base militar ngayon ay nasa Exclusive Zone ng Pilipinas at walang isla diyan sa pinag-aagawang mga isla sa West Philippine Sea ang pupuwedeng mag-generate ng Exclusive Economic Zone dahil lahat sila ay mga rocks that cannot sustain human habitation. So, patuloy pa rin po ang pag-aagawan ng teritoryo, at ang importante po ay habang hindi nareresolba itong pinag-aagawang teritoryo ay isantabi po muna iyan at isulong ang pupuwedeng mga isulong sa larangan ng kalakalan at pamumuhunan.

USEC. IGNACIO: Second question po niya: Vice President Robredo said our fishermen daw po continue to experience harassment within our EEZ. Has the government done enough to protect our fishermen against intimidation and harassment of foreign vessels? Similar question with Kris Jose ng Remate and Ivan Mayrina ng GMA News.

SEC. ROQUE: Una po, dapat magreklamo po ang mga mangingisda nang mabigyan ng kumpirmasyon. Dahil bilang abogado, wala naman po kaming mga personal na knowledge tungkol diyan; kinakailangan maimbestigahan. Pero patuloy po ang order ng ating Pangulo, na ang ating Coast Guard ay maglayag diyan sa ating karagatan at protektahan ang ating mga mangingisda at paalisin ang mga mangingisdang mga dayuhan na hindi pupuwedeng mangisda sa ating Exclusive Economic Zone.

USEC. IGNACIO: Opo, from Rosalie Coz ng UNTV: May oxygen crisis na po sa Indonesia. Ano na po ang latest na napag-usapan ng IATF sa possibility na inclusion po ng Indonesia at Malaysia sa travel restrictions? Pormal na po ba itong irirekomenda sa Pangulo? Kumpiyansa po ba tayong sapat ang precautionary measures in place para maiwasan daw po iyong Delta variant na makapasok sa bansa at kumalat? Paano ito pinaghahandaan?

SEC. ROQUE: Ang makukumpirma ko lang po ay mayroon na pong rekomendasyon ang IATF, at hinihintay lang po natin ang desisyon ng ating Presidente. Pero doon sa kakulangan ng oxygen sa Indonesia, ang alam ko po ay tumutulong din tayo. Perhaps, si Secretary Lopez can share kung ano iyong tulong na binibigay natin sa ating kapitbansa na Indonesia pagdating sa oxygen.

SEC. LOPEZ: Thank you, Spox. Actually, parati nating kausap iyong mga manufacturers ng oxygen dito sa ating bansa in preparation for our possible requirement kung dito magkaroon ng surge. At buti na lang din iyong dating surge na nakaraan ay sapat naman iyong ating supply ng oxygen, at sa pagkaalala ko, that was about three months ago, four months ago. Mayroon pa tayong excess na mga 20% or 30%. Pero ang kailangan natin iyong preparation na kung kailangang doblehin pa iyong capacity ng ating mga malalaking oxygen manufacturer. Ang ginawa po natin, inengganyo natin silang mag-expand na in preparation for a possible surge.

Now, kinausap din po natin sila, kung sino ang may extra capacity ngayon na puwedeng mag-supply sa Indonesia. So far po, nakakuha kami ng dalawang possible supplier. So, iyon po ang puwedeng maitulong natin na sabi namin kung mayroong extra supply kayo na may sigurado pa rin kayong supply locally ay puwede po kayong mag-supply sa Indonesia. So iyon po ang ating in-encourage sa mga oxygen manufacturers.

USEC. IGNACIO: Opo. Last question po ni Rosalie Coz, regarding vaccine supply: Secretary, hanggang ngayon po ba ay nakakatiyak tayo na magiging on schedule pa rin ang pagdating ng supply ng bakuna sa bansa ganoong sa western countries po ay pinag-uusapan na ang vaccine booster shots dahil sa paglaganap nang mas nakakahawang variants? Ano po ang nakahandang plano ng Pilipinas sakaling ma-delay na naman ang shipments ng mga bakuna?

SEC. ROQUE: Siguro si NTF Deputy Chief Implementer Vince Dizon will respond.

SEC. DIZON: Maraming salamat. Unang-una, importanteng malaman po ng mga kababayan natin na iyon pong supply at pagdating ng mga bakuna ay wala po tayong kontrol diyan; iyan po ay kontrolado ng mga manufacturers. Kaya po kung mayroon silang i-indicate na delivery date, minsan po talaga nagbabago iyan at wala po tayong kontrol diyan. Pero pinipilit natin na mapaaga at mapabilis ang delivery. Iyon lang po talaga ang puwede nating gawin ‘no. At hindi po tumitigil si Secretary Galvez sa pagkakausap sa mga iba’t ibang vaccine manufacturers para po sila ay tumupad sa usapan ng delivery at sa dami ng mga idi-deliver na bakuna.

Pero kagaya ng paulit-ulit pong sinasabi ni Secretary Galvez, ang problema po talaga ng buong mundo, hindi lang ng Pilipinas, ay iyong kakulangan ng supply ng bakuna lalo sa mga bansa tulad ng Pilipinas. Pero nakita naman natin, 20 milyon na ang dumating sa Pilipinas; mabilis natin itong nababakuna. At mayroon pang inaasahan kagaya ng pinakita ni Spox Harry kanina, may 10 milyong padating. At iyong padating na 10 milyong bakunang iyon ay napaka-equitable ng distributions sa lahat ng mga rehiyon sa Pilipinas para po hindi maiiwan ang ating mga kababayan kahit sa mga malalayong mga lugar.

Thank you po.

USEC. IGNACIO: Thank you, Secretary Vince. Secretary Roque, salamat po.

SEC. ROQUE: Thank you. Punta tayo ulit kay Bryan para sa media questions na naririto sa Greenhills?

BRYAN: Yes, sir, si Ian Cruz po ng GMA News ay may mga tanong.

IAN CRUZ/GMA 7: Hello po. Good morning! Sir, mabibilis na lang po. Kay Mayor Zamora. Mayor, may order kayo na 100,000 na AstraZeneca, so, saan po mapupunta iyan considering na maaabot ninyo na iyong inyong target ano?

MAYOR ZAMORA: Actually, Ian, iyon nga ho eh, iyong order namin up to now ay wala pa rin. But remember, 100,000 doses only means 50,000 people 'no, so I just want to clarify that. And at this point, hindi pa naman talaga namin hawak iyong ibang doses para sa pagtatapos ng aming total qualified population.

So, at this point, these are two factors that are still open-ended. I don't know when the supplies will arrive in terms of the AstraZeneca and also, I also don't know how many doses the national government will give us in the coming weeks. So, ayaw ko namang sabihin munang surplus iyong AstraZeneca namin because at some point baka kailanganin namin ito.

Ngayon, kung sakali na kami po ay matapos na sa aming qualified population at kabuuan nga ng San Juan, kung sabihin naman sa amin na base sa tripartite agreement ay puwede namin itong i-bakuna sa kapwa Pilipino natin na taga-ibang lungsod o bayan basta payagan ho kami base sa aming nilagdaang tripartite agreement we will be more than willing to vaccinate these to other fellow Filipinos.

IAN CRUZ/GMA 7: Thank you, sir. Sec. Vince, iyon pong sa northern Samar, iniimbestigahan daw po iyong alegasyon na dinala iyong 15 doses ng Sinovac sa bahay ng isang pulitiko. Allowed po ba iyon?

SEC. DIZON: Unang-una po, iimbestigahan natin iyan 'no pero kagaya ng paulit-ulit nating sinasabi, ngayon mas open na ang policy natin. Kailangan pa rin i-prioritize nilang iyong mga seniors at iyong mga may sakit, iyong may mga comorbidities, pero titingnan natin iyan 'no, we will look into ito. Now, kung iyan naman ay ibinakuna lalung-lalo na sa mga seniors o sa mga may comorbidities, wala naman pong problema iyan pero titingnan muna natin kung ano iyong report na iyon.

Ngayon, gusto ko lang susugan iyong sinabi ni Mayor Francis, Ian 'no, na tuloy-tuloy pa rin po ang pagpapadala ng national government sa iba't-ibang mga LGUs sa buong bansa kasama na po ang NCR. Kasi ang objective talaga natin, maabot natin iyong ating mga target bago matapos ang taon lalung-lalo na sa mga priority areas natin sa NCR, sa Cebu, sa Davao at sa mga plus ten cities na priority natin na inanunsyo na ni Spox Harry at ni Sec. Galvez noong mga nakaraang linggo.

Ngayon, kung mayroon pong mga darating sa susunod na buwan at natapos na po ang isang siyudad, nagpapasalamat po kami sa sinabi ni Mayor Francis na open silang ibakuna ito sa mga kapwa nating Pilipino na taga-ibang lugar. Iyon po talaga ang essence noong sinasabi ng ating mahal na Pangulo na dapat tayo iisang bansa lang. Tulong-tulong tayo at hindi natin iniisip na para sa San Juan lang ito o para sa ganitong siyudad lang ito, ito po ay para sa lahat ng ating mga kababayang Pilipino.

IAN CRUZ/GMA 7: Sec. Vince, iyong Central Visayas RESU nagsabi po na mayroon daw po silang nae-experience na third wave ngayon. Ano na po ang ginagawa ng gobyerno?

SEC. DIZON: Tuloy-tuloy po ang suporta natin sa lahat ng mga area na medyo tumataas ang kaso. Tuluy-tuloy po iyang ating pagpapadala ng mga testing kits; pagha-hire ng mga additional contact tracer; pagdadagdag ng mga gamot na kinakailangan nila para sa treatment- Remdesivir, Tocilizumab, Dexamethasone pati na rin ang mga High Flow Nasal Cannulas na ipinapadala ng DOH sa mga area na tumataas ang kaso. At tuloy-tuloy din upon the directive ng mahal nating Pangulo ang pagpapadala natin ng mga bakuna sa mga area na ito kagaya ng mga ipinakita ni Spox Harry na padating na mga bakuna sa iba't-ibang rehiyon sa bansa.

IAN CRUZ/GMA 7: Sec. Mon, sa gitna ng COVID-19, tuloy po ba iyong sinasabi na magkakaroon daw ng national standards ang pagluluto ng adobo, ng sinigang? Iyong komento ninyo po?

SEC. LOPEZ: Alam mo, ang priority natin is to fight the pandemic 'no at saka iyong economic recovery. Hindi ko alam kung saan nanggaling iyong balita na iyan. But you know, kidding aside, ang bansa natin despite ng pandemic tuloy iyong mga ibang trabaho.

Kasama ito actually, sa creative industry exports. Alam ninyo, malakas tayo sa mga creative industry exports na kailangan ngayon ng mga government support, okay. So, iyon ang linawin natin, hindi ito basta kung ano lang ang gagawin.

Ang pangalawa: Unang-una, hindi po standard ang pinag-uusapan dito kung hindi kung ano lamang iyong basic traditional recipe na nag-consultation lamang sa mga chefs para lang may basic traditional recipe na ipo-promote kapag abroad 'no. So, okay, hindi po mandatory at hindi po ito…

Dahil alam naman natin kapag tinanong mo lahat dito, lahat sasabihin nila iyong masarap na adobo iyong luto sa bahay namin; luto ng nanay ko, tatay ko or lolo ko, lola k0. So, ibig ibig sabihin ho natin inii-standard isang timpla. Obvious ba, hindi naman ho mandatory iyan. Ano lang ho iyan, parang may basic traditional recipe para kapag pinromote abroad mayroong tinatawag na Philippine adobo.

At kasi alam ninyo naman kapag abroad, sasabihin ng iba, "Ah, may Mexican adobo." Baka may umangkin pa noong ating Philippine adobo. So, kailanga lang mayroon tayong i-promote at iyan po ay ginagawa ng ibang bansa, mayroon silang traditional recipe.

So, again, consolation lang po iyon at saka hindi po ito standard, hindi po ito mandatory. So, lahat po we encourage creativity, innovation, kahit milyun-milyon na ang recipe diyan, we all welcome that.

SEC. DUQUE: Okay. maraming salamat. Balik tayo kay Usec. Rocky kung mayroon pang katanungan.

USEC. IGNACIO: Yes, Secretary, marami rami pa po iyong tanong natin dito ng MPC. From Kris Jose ng Remate/Remate Online: Kung pagbabasehan po ang mga balitang lumabas noong

nakaraang linggo na pinag-iisapan na 'di-umano ni Mayor Sara na tumakbo sa pagka-Pangulo sa 2022 elections habang ang kaniyang ama naman po na si Pangulong Duterte ay seryosong pinag-iisapan na tumakbo bilang Vice President na dati po ay kapwa ayaw tumakbo sa 2022 Elections. Ngayon po ba ay maaasahan na po ng publiko ang Duterte-Duterte sa 2022 Elections? Similar question po iyan ni Cresilyn Catarong ng SMNI, iyong reaksyon daw po sa pagkumpirma ni Mayor Sara na bukas na siya o pinag-iisapan niya ang tumakbo sa 2022 Elections?

SEC. ROQUE: Well, gaya ng nasasabi ko sa mga naunang press briefing natin, sa pulitika anything is possible, nothing is impossible.

USEC. IGNACIO: Second question po niya, I mean ni Cresilyn Catarong ng SMNI: Matapos po ang alegasyon ng korapsiyon ni Senator Pacquiao sa mga ahensya ng gobyerno, ngayon po ay naghahanap ng update si Pangulong Duterte kaugnay sa P2.2 billion na umano'y tax evasion case ng Senador. Ano po sa tingin ninyo, may kredibilidad po ba si Senator Pacquiao na hinggil sa kaniyang mga ipinupukol na corruption allegation laban sa Administrasyon?

SEC. ROQUE: Well, unang-una, ang mga alegasyon po ni sir Pacquiao ay alegasyon, walang detalye at tapos umalis siya ano. At ang inaasahan sana ng Presidente gagampanan niya ang kaniyang papel bilang isang senador na talagang mag-iimbestiga sa Senado pero hindi po iyon nangyari ano.

So, ang sabi lang naman ng Pangulo at nanggaling ito sa kaniyang bibig eh bago ka pumukol ng dumi ng iba eh ayusin mo muna ang iyong dumi mo sa iyong sariling mukha 'no. So, kung ikaw ay tunay na naninindigan laban sa korapsiyon sa iyong pamumuhay, dapat wala kang korapsiyon at ang hindi pagbabayad ng buwis ay isang form ng korapsiyon.

USEC. IGNACIO: From Leila Salaverria ng Inquirer: Dr. Rontgene Solante, a member of the Vaccine Expert Panel said Metro Manila and other high-risk provinces should remain under GCQ until December when the government has inoculated 40% of the population. How likely is this? And if this will be the case, what happens to businesses not allowed to operate under GCQ? What kind of assistance can they receive? Similar question with Ivan Mayrina ng GMA News.

SEC. ROQUE: Unang-una, si Dr. Solante po ay isang tunay na dalubhasa na pinakikinggan po ng IATF. Pero ang sagot po diyan, depende pa rin po iyan sa ating criteria 'no. Titingnan pa rin natin ang daily attack rate, ang two-week daily average attack rate at ang critical care capacity.

So, wala pong crystal ball na makakapagsabi sa atin kung ano ang magiging kalagayan ng Metro Manila pagdating ng Disyembre kasi hindi rin po natin masisigurado na hindi makakapasok ang Delta variant at ang Lambda variant dito sa ating bayan.

USEC. IGNACIO: Opo. Pasensya na, Secretary, hindi ko alam kung nasagot ninyo na po ito pero ang susunod niyang tanong: Does President Duterte recognize the PDP-Laban's expulsion of DOE Secretary Cusi and other officials. As Party Chair, what does he plan to do about this development?

SEC. ROQUE: Mukhang hindi po dahil planong mag-attend ni Presidente ng PDP meeting sa 17 diyan po sa Clark.

USEC. IGNACIO: Opo. Secretary, itutuloy ko na po ba iyong mga tanong or may magtatanong pa po sa area diyan?

SEC. ROQUE: Mayroon pa bang magtatanong dito? Mukhang wala na yatang magtatanong dito, ituloy mo na iyong mga tanong—ay, mayroon pa yatang isa.

MODERATOR: May tanong po si Patrick de Jesus ng PTV 4 po.

PATRICK DE JESUS/PTV4: Good afternoon po, Mayor, secretaries. Kay Mayor Zamora po: Ngayong 100% po ng target population ang nabakunahan na, base po ba sa assessment ninyo, mataas din po iyong rate or percentage ng mga bumabalik for second dose?

SAN JUAN CITY MAYOR ZAMORA: Yes, actually wala ho kaming nagiging problema doon sa mga hindi bumabalik for second. And what we do kasi, since we keep a database of all of our vaccinees, it's easy to communicate with them. So mayroon kaming, basically, we have a digital text blast system that reminds them, at the same time, kung hindi man sila makapunta on their specific date, all they have to do is show their vaccine card sa venue. Kapag nakasaad sa vaccine card nila na scheduled sila for second dose or they missed their second dose by one, two, three days or even five days, kahit anong dahilan pa iyan basta mapatunayan mong qualified ka for second dose, we will allow you.

So we have not encountered that so far, iyong hindi bumabalik ng second dose. At siyempre kailangan mong ipaintindi sa mga tao na useless ang first dose kung hindi ka rin magsi-second dose. You will never get the full protection if you don't get the second dose.

SEC. DIZON: Spox, kung puwede ko lang idagdag 'no. Importanteng maintindihan natin na paulit-ulit nating sinasabi kanina, iyong 100% ng 70% target ay first dose pa lang 'no, 96,610; and mayroon tayong currently 29,313 na fully vaccinated na. So ang goal ngayon na tingin ko naman kayang-kaya ni Mayor Francis at ng kaniyang team, by August fully vaccinated na iyong buong 70% na iyon. And tingin ko, sabi nga ni Mayor Francis, kayang-kaya niya iyon kasi lahat naman halos ay bumabalik para sa kanilang second dose.

Thank you.

PATRICK DE JESUS/PTV4: Thank you po. Kay Secretary Lopez po, balikan ko lang po iyong nasabi po ninyo kanina. Iyong mga establishments na mayroong fully vaccinated employees, bibigyan po natin sila ng increase sa capacity nila.

DTI SEC. LOPEZ: Ang in-increase na 10% capacity, ito iyong may safety seal. Dito sa iyong fully vaccinated, wala namang ganoong kailangang i-increase pa sa ngayon but that is a policy na puwede naming pag-usapan pa sa IATF. Kasi parang ano iyan eh, puwede kang magdagdag technically, theoretically ng capacity kung safe naman ang mga tao doon, bakunado na. So that could be another policy, pero hindi pa sa ngayon. Ang may 10% additional capacity ay kung may safety seal iyong tindahan.

PATRICK DE JESUS/PTV4: Thank you po.

SEC. ROQUE: Okay. Balik tayo kay Usec. Rocky, please.

USEC. IGNACIO: Yes, Secretary. Question from Rosalie Coz ng UNTV: Reaksiyon po ng Malacañang sa bagong statement ni Vice President Robredo, dapat pong magdeklara ng crisis in education dahil sa kahirapan sa access sa education ng mga estudyante dahil po sa pandemya.

SEC. ROQUE: Hindi ko po alam kung kinakailangan ng deklarasyon ng crisis. Pero ang malinaw po, iyong sinasabi ng World Bank na tila poor tayo sa ilang mga subjects ay mali 'no. At sila po ay humingi na po ng patawad, at tinanggap naman po ang apology ng DepEd. So I do not know what she is referring to. Talagang mahirap po ang buhay natin dahil pandemya pa, habang hindi tayo nakaka-face-to-face. At mukhang tama naman po ang desisyon ng Presidente na habang hindi pa tumataas ang hanay ng mga bakunadong mga kababayan natin ay blended learning po muna tayo.

Anyway, I think si Secretary Briones is the first person to decide that, kasi siya naman iyong Secretary of Education.

USEC. IGNACIO: Question from Trish Terada ng CNN Phils: There are reports saying that hundreds of Thai health workers were still infected with COVID-19 despite getting vaccinated with Sinovac. How will these developments affect out vaccination program? Is the government alarmed?

SEC. ROQUE: Already answered na po iyan. I quoted Dr. Eldsel Salvaña, *"On the newspaper, do a better job of objective reporting. You guys are killing vaccine confidence that will cost lives. What's the vaccine effectiveness for those numbers was infection rate and death rate among unvaccinated. You guys can do better than that; we expect better. The vaccines are working very well."*

USEC. IGNACIO: From Joseph Morong ng GMA News, for Secretary Roque: Reaksiyon sa statement ni former Foreign Affairs Secretary Albert del Rosario that President Duterte betrayed the Constitution by setting aside the 2015 arbitral ruling. Secretary Del Rosario also alleged that sometime in 2016 that China bragged that it was able to influence the 2016 elections to favor President Duterte. He also said that Chinese President Xi Jinping said that he vowed to protect President Duterte from being removed from power. Your comment please.

SEC. ROQUE: Kalokohan po iyan coming from a proven traitor. Siya po ang nagpaalis sa ating mga kasundaluhan, sa Boro, na naging dahilan na ang Tsina na lang ang natira sa Boro. Mr. Del Rosario, if you want to talk about who that real traitor is, ikaw iyon! Ikaw ang namigay ng teritoryo sa Tsina. At ikaw, habang hindi ka makapagpakita ng teritoryo na binigay ng Presidente Duterte sa ibang bansa, manahimik ka diyan dahil eh ikaw nga ang may pananagutan diyan. At I enjoin lawyers and other groups to study the legal liability of Albert del Rosario in ceding Scarborough Shoal to China.

Mangilabot ka naman sa mga sinasabi mo. Ikaw diyang namigay ng teritoryo eh, mahiya ka sa sarili mo! Mahiya ka sa buong bansang Pilipinas!

USEC. IGNACIO: From Maricel Halili of TV5: Ano po ang naging batayan ng IATF sa pagpayag sa minors na makalabas ng bahay? Hindi ba ito delikado na bukod sa wala pa silang bakuna ay may banta pa ng Delta variant?

SEC. ROQUE: Mayroon po talagang banta. Pero ito naman po ay isang desisyon na binuo matapos po ang advice din ng mga dalubhasa. Cost benefit analysis po ito eh. Kahit sino ikulong mo sa bahay nang mahigit isang taon, magkakaepekto po iyan sa mental health. Kaya nga po ang ating dahilan kung bakit pinayagan nang limitadong lumabas sa mga outdoor areas ay dahil kinakailangang i-promote ang well-being ng mga bata lalo na ang kanilang mental health.

Now, hindi natin sinasabi na wala ng banta – mayroon nga po. Kaya kinakailangan supervised pa rin ng mga adults; kinakailangan ang pag-obserba ng minimum health standard; at uulitin ko po, sa mga open air areas lang po iyan.

USEC. IGNACIO: Opo. Iyong second question po ni Maricel Halili ay nasagot ninyo na po about iyong sinabi po ni Dr. Solante. Iyong tanong po ni Llanesca Panti ng GMA News Online about West Philippine Sea, nasagot ninyo na rin po, Secretary.

From Kris Jose of Remate/Remate Online, may tanong po siya sana kay Secretary Duque pero kung puwede raw po ay masagot na rin ninyo or ni Secretary Vince: May bansa po na niri-require ang mga OFWs na pupunta po sa kanilang bansa ay bakunado na ng mga western brand ng bakuna. Paano po iyong ibang OFWs na dahil sa hangarin na mapadali iyong pag-alis ay hindi na naghintay pa ng mga western brand na bakuna? Nagpaturok po halimbawa daw po ng Sinovac? Kailangan po ba nilang magpabakuna ulit gamit naman ang western brand?

SEC. ROQUE: Depende na po iyan kung ano ang iri-require ng receiving country 'no. Pero iyong sa kaso po ng mga seafarers natin dahil talagang iyong mga flag carriers ay nagsabi na mayroon silang niri-require na brand ay binigay naman po ni Presidente iyong brand na niri-require ng kanilang mga employers.

So ang tingin ko po, lahat naman po ng OFWs natin ay may principal diyan. Kung kinakailangang mag-comply doon sa requirement ng destination country ay obligado po na ang employer ang siyang gumawa ng hakbang para mag-comply po diyan.

USEC. IGNACIO: Opo. Tanong naman po ni Evelyn Quiroz ng Pilipino Mirror. Ang una po sana niyang tanong ay para kay Secretary Duque, pero basahin ko na lang din po baka po puwede ninyo ring masagot, Secretary Roque or ni Secretary Vince or Secretary Lopez: *Local government leaders have expressed concerns on Interagency Task Force Resolution 124-B allowing interzonal travel for all fully vaccinated individuals provided that they only present the domestic card or certificate of isolation issued by the Bureau of Quarantine citing lack of consultation and the difficulty to validate vaccination cards. What was decided in the meeting between the LGU heads and the DOH?*

SEC. ROQUE: Nasagot na po iyan 'no. Inamyendahan na po iyong 124-B, option pa rin po ng LGU na mag-require ng RT-PCR habang pinapalawak pa po ng DICT iyong database niya ng mga vaccinated individuals. Kapag naman po nakumpleto na iyong database ay napakadali na po mag-verify. Pero for the time being po, option pa rin po ng LGU kung iri-require nila ang RT-PCR.

USEC. IGNACIO: Opo. Secretary, bigay ko po muna sa inyo kasi may tanong pa po iyong iba nating kasamahan yata diyan sa area, Secretary.

SEC. ROQUE: Yes, Brian…

MODERATOR: Mr. Secretary, si Vivienne Gulla po ng ABS-CBN, may tanong po sa inyo.

VIVIENNE GULLA/ABS-CBN: Good afternoon, secretaries and Mayor. Kay Mayor Zamora po muna: After vaccinating with at least first dose 70% of your population, have you seen so far any developments sa inyong COVID cases dito na posibleng epekto nitong vaccination rate ninyo?

SAN JUAN MAYOR ZAMORA: As of yesterday, ang ating number of active cases dito sa San Juan ay 79 na lang and this is coming from a high of 1,226 last April 12 and we have not gone beyond the 100-mark in a very long time. So nakikita natin iyong correlation ng number of vaccinees vis-à-vis iyong ating active cases 'no. But of course I don't want to make people be complacent.

Yes, we are vaccinating at a rate of 3 to 4 thousand a day but we still have to remind everyone to wear mask, to follow health and safety protocols such as social distancing. But specific to your question, 79 active cases na lang po tayo sa San Juan.

VIVIENNE GULLA/ABS-CBN: May we also know how you plan to implement the policy allowing children 5 years old and up to go out? Kasi I understand that LGUs are allowed to increase the age restriction for San Juan City. Ano po ang plano ninyo sa pagpapatupad nito?

SAN JUAN MAYOR ZAMORA: Kagabi po nagkaroon ng pagpupulong ang Metro Manila Council and it was—actually, sorry, hindi pala kagabi – yesterday morning 'no, before lunch we had a meeting and it was agreed that the Metro Manila Council will come up with a resolution wherein cities will determine which among the parks, open areas, public areas ang puwedeng puntahan. So proposal pa lang ito, we will have to discuss further with other mayors kung anong magiging policy. But siyempre ang IATF naglabas na ng guidelines din ho niya 'no. So we will just have to reconcile whatever guidelines they have versus the Metro Manila Council guidelines. But siyempre ho kung ano ang polisiya ng national government, tayo naman po ay susunod. Ang kailangan lang ho namin talagang siguraduhin ang tamang implementasyon po nito sa aming mga lungsod.

VIVIENNE GULLA/ABS-CBN: Okay. For Secretary Roque, Secretary Dizon. Earlier na-mention ni Rep. Zamora na nabakunahan po siya ng 4 doses ng COVID vaccine – dalawa Sinopharm and then dalawa Pfizer. Allowed na po ba? Ano ho ba ang policy ng government natin? Allowed na po ba iyong mixing and matching of COVID vaccines? And, are there any violations that you are seeing here since iyong una niyang vaccination ng Sinopharm was December, before an EUA was issued po on Sinopharm?

SEC. ROQUE: Oo. Si Mayor Zamora being the son can—Congressman Zamora will answer.

SAN JUAN MAYOR ZAMORA: Vivienne, ang masasabi ko lang sa inyo, iyong naging vaccination ni Congressman Ronnie Zamora ay upon doctor's orders. Siya po kasi ay na-quadruple bypass 16 years ago, na-kidney transplant 6 years ago. He is immunocompromised. He is a person with comorbidity and he is 76 years old. So ang doktor ho niya ang nagbigay noong orders po diyan at iyon po ang direksiyon ng kaniyang physician po.

VIVIENNE GULLA/ABS-CBN: But when it comes to the policy, allowed na po ba ang mixing and matching of COVID vaccines?

SEC. ROQUE: Hindi pa po, pinag-aaralan pa po iyan. And I don't think this qualifies as mixing kasi he had two doses of one and then two doses later.

VIVIENNE GULLA/ABS-CBN: But magkaibang brand po iyong first two and the second—

SEC. ROQUE: Yes. But the mixing is iba iyong first, iba iyong second. Thank you.

VIVIENNE GULLA/ABS-CBN: Okay.

SEC. ROQUE: Okay? So alam ninyo, I think we are out of time. One round from the journalist present, please. Usec. Rocky muna.

USEC. IGNACIO: Yes. Naku po, Secretary, baka maano tayo ng MPC. Maagang nagpadala ng mga questions 'tong mga 'to. Tanong po ni Evelyn Quiroz pa rin po, may natira siyang tanong para po kay DTI Secretary. Pasensiya na po, hindi ko po alam kung ito po ay nasabi na niya kasi ako'y humabol lang din po sa presscon. Ito po tanong niya: The DTI has reported that the number of enterprises that have closed their operations amid the Coronavirus Disease 2019 pandemic went down to 10% in June due to the easing of community quarantine restrictions which has allowed more businesses to resume operations whether partial or full. Do you see this trend improving further on into the coming months?

DTI SEC. LOPEZ: Yes, we see that improving as long as magtuluy-tuloy iyong ating GCQ sa ngayon at sa karamihan ng lugar. Alam ninyo una iyan, kung titingnan ninyo last year, dati 38% iyan. In fact bumaba na siya up to 4% nitong February kaya lang nag-ECQ tayo—I'm talking of NCR Plus, nag-ECQ tayo March tapos MECQ, April.

Kaya iyong 4% na sarado, maganda na sana noon, umakyat na naman iyan sa mga 16%. So iyong 10% ngayon is an improvement from the 16%. So ibig sabihin kung tuluy-tuloy tayong hindi magkakaroon ng surge, kaya maingat po dapat talaga lahat ng ating kababayan saka iyong vaccination rollout natin lahat magpabakuna para iyang 10% tuluy-tuloy bumaba uli to 4% or even balik sa dati nating kinalalagyan na maraming bukas na mga establisyimento.

So kailangan—ang susi talaga diyan iyong vaccination at saka iyong pagsunod/compliance ng ating mga kababayan para hindi ho talaga magkaroon ng surge at hindi na naman tayo bumalik sa ECQ.

USEC. IGNACIO: Opo. From Ivan Mayrina: Tumaas daw po ang bilang ng mga Pilipinong willing magpabakuna from 60% in February to 43% in June base po sa latest survey ng Pulse Asia.

SEC. ROQUE: Nagagalak po tayo diyan at talaga naman pong bakuna ang magiging solusyon natin dito sa pandemya at ito po iyong tanging paraan para tayo po'y makapagbalik-buhay. So pabakuna na po tayo.

USEC. IGNACIO: Opo. From Trish Terada ng CNN Philippines: May info daw po that President will meet with Senator Pacquiao. Does Malacañang confirm this? When will the President meet with Senator Pacquiao?

SEC. ROQUE: Imposible po, nasa America si Senator Pacquiao.

USEC. IGNACIO: Opo. From Lei Alviz, nasagot ninyo po iyong about Northern Samar. From Ace Romero: The President has said he won't allow any attempt to undermine the arbitral ruling 5 years after the issuance of the ruling. What has the administration done to prevent it from being disregarded? Can the administration claim that it has done enough in asserting the Philippines' claims in the maritime dispute?

SEC. ROQUE: We have done all that we could, given the absence po of an enforcement mechanism under international law. Dahil wala pong pulis na magpapatupad niyan, ginawa na po ng gobyerno ang lahat ng hakbang para nga po magkaroon ng buhay iyang desisyon na iyan kasama na po iyong pagtatalumpati ng Presidente sa ating UN General Assembly na sinabi niya na kabahagi na po ng international law ang arbitral decision na iyan.

USEC. IGNACIO: Opo. Last question from Celerina Monte, follow up daw po: You are urging other lawyers to study the possibility of filing charges against former DFA Secretary Del Rosario? How about the government—will you initiate an investigation and file charges against him?

SEC. ROQUE: I have no time and I don't want to waste my time on him. Pero let us not let him get away with the fact that he gave away Philippine territory.

USEC. IGNACIO: Thank you, Secretary Roque.

SEC. ROQUE: Thank you. So, last question na lang po from Brian.

MODERATOR: Mr. Secretary, the last question will be coming from Jacob Lazaro of Cignal TV.

JACOB LAZARO/CIGNAL TV: Hi, sir. Thank you so much. Two questions lang po kay Sec. Vince but anyone can jump in. First is, health experts recommend that once we reached 70% or herd immunity, we can start loosening up our health measures. Now for LGUs na that has already achieved this, can they start drawing down their health measures such as letting go of face shields?

SEC. DIZON: The answer to that is no. Why? Because especially LGUs here in NCR, we all live in a contiguous area, dikit-dikit so we cannot do that until the entire National Capital Region and its surrounding LGUs have reached the target. Now, we have to be very careful 'no and I enjoin everyone to follow the advice of Secretary Duque and Mayor Francis na despite being fully vaccinated, we still need to follow the minimum health standards especially with other variants like the Delta variant looming 'no. We really have to be very careful and we need to follow the minimum health standards. So kailangan tuluy-tuloy pa rin tayo ng pagbabakuna, bilisan natin pero huwag tayong magiging complacent, huwag tayong magpapabaya. Tuluy-tuloy pa rin – MASK, HUGAS, IWAS.

JACOB LAZARO/CIGNAL TV: Sige, last question po. Sir, once an LGU has vaccinated 100% of its total population, will they still receive doses of the COVID-19 vaccine or hindi na po?

SEC. DIZON: Una 'no, our goal is to vaccinate 100% of the target population because we cannot vaccinate the entire population because right now, vaccines are yet to be allowed for minors 'no. So again very clear ha, 18 and below hindi pa natin puwedeng bakunahan kaya hindi natin maba-vaccinate ang 100%.

Pero kagaya ng sinabi natin kanina, nag-offer na at hinihikayat natin ang mga LGUs tulad ng San Juan, 'pag naabot na nila iyong 100% noong target population, sana ituluy-tuloy pa rin nila ang pagbabakuna at tulungan nila ang mga kapitbahay nilang mga LGU pati na rin ang mga probinsya sa labas ng NCR and pumayag naman si Mayor Francis 'no, nagpapasalamat tayo sa kaniya.

So to your question, yes, makakatanggap pa rin ng doses para matulungan ang ibang mga siyudad.

JACOB LAZARO/CIGNAL TV: Thank you much po.

SEC. ROQUE: Okay. Dahil wala na tayong mga karagdagang mga katanungan, maraming salamat kay Mayor Francis Zamora. Maraming salamat kay Congressman Ronnie Zamora. Maraming salamat kay Secretary Lopez, kay Secretary Vince. Maraming salamat kay Brian. Maraming salamat din kay Usec. Rocky. Maraming salamat sa mga kasama natin sa Malacañang Press Corps at sa local press corps na nag-cover po dito sa atin ngayon sa Greenhills.

Sa ngalan po ng ating Presidente Rodrigo Roa Duterte, muli po nating kinu-congratulate ang San Juan dahil 100% na po ng kanilang populasyon ang nabakunahan ng first dose. At hinihimok po natin ang lahat ng siyudad at munisipyo ng buong Pilipinas na sana sa lalong madaling panahon ay makamit din ang 100% na first dose.

Magandang umaga po sa inyong lahat at mabuhay po ang Pilipinas.

###